LEVEL 1

# Leveled Reader

in Filipino

# Sa Ilalim ng Aking Higaan



Isinulat ni Anupa Lal

Iginuhit ni Suvidha Mistry



Isang gabi, ako ay nagising at nauuhaw. Nais kong kumuha ng tubig. Hinanap ko ang aking tsinelas sa ilalim ng higaan.



Naku po! Mayroong tigre sa ilalim ng higaan ko.



Ano ang gagawin
ko ngayon?




Tatawagin ko ba si Mama? Paano kaya kung umungol nang malakas ang tigre?




Babalik na lang ba
ako sa pagtulog?
Paano kung hindi na
ako inaantok?




Pagkatapos ay biglang bumukas ang ilaw. Si Mama ay nakatayo sa may pinto.




"Anong nangyari anak? Tinatawag mo ba ako?" tanong ni Mama.




Itinuro ko ang tigre. Sinilip namin ni Mama ang tigre at hinila niya ito mula sa ilalim ng higaan!



“Ano ba iyan, anak!
Ito ay hindi tigre.
Ito ang aking makapal
na kulay dilaw at itim
na pangginaw.”



Ang mga butones
nito ay kumikinang na
parang mga mata
ng tigre.



Natakot ako pero wala lang pala! At ikinuha ako ni Mama ng tubig.



Ngayon, matutulog na ako. Sana ay mapanaginipan ko ang mga tunay na tigre sa kagubatan!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation